ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LII Blg. 20
Oktubre 21, 2021
www.cpp.ph



EDITORYAL

# Matabang lupa para sa digmang bayan

Saklot ng krisis ang kanayunan ng Pilipinas. Lugmok sa kahirapan at kagutuman ang milyun-milyong magsasaka, manggagawang-bukid at malaproletaryado sa harap ng sumisirit na gastos sa produksyon at presyo ng mga bilihin, kawalan ng hanapbuhay at mapagkakakitaan na sinapawan pa ng pabigat na patakaran sa harap ng pandemya, hambalos ng mga kalamidad at pasistang karahasan ng estado. Nahihila rin ang katayuang panlipunan ng mga petiburgesya kasabay ng pangkalahatang pagbagsak ng kabuhayan.

Sa ilalim ng anti-magsasaka at anti-mamamayang rehimeng US-Duterte, walang-habas ang mga pag-atake sa kabuhayan at mga karapatan ng masang magsasaka. Ang inulit-ulit na satsat ni Duterte na ipamamahagi niya ang lupa ay nagsilbi lang na panabing sa iba't ibang iskema ng pang-aagaw ng lupa. Taliwas sa reporma sa lupa, isinakatuparan sa ilalim ni Duterte ang malawakang pagpapalit-gamit ng lupa na ipinag-utos niyang gawing madali pabor sa interes ng mga mangangamkam ng lupa.

Nagbunsod ito ng maramihang pagpapalayas sa mga magsasaka o pag-agaw sa kanila ng kontrol sa kanilang binubungkal na lupa upang bigyang-daan ang mga proyektong pang-imprastruktura, pang-enerhiya at pang-ekoturismo, pagpasok ng operasyon ng mga kumpanya sa pagmimina at pagpapalawak ng mga plantasyon. Pinakinabangan ang mga ito ng mga dayuhang malalaking kapitalista kasosyo ang malalaking burgesyang komprador na kroni o kabakas ni Duterte. Sa kabilang panig, 1.1 milyong pwersa sa paggawa sa agrikultura ang nawalan ng hanapbuhay noong 2016-2018.

Palubha nang palubha ang pagdurusa ng masang magsasaka sa harap ng bweladong pagsasakatuparan ng mga patakarang neoliberal, laluna sa pag-aalis ng mga kontrol sa importasyon ng mga produktong pang-agrikultura. Ang ipinatupad na Rice Import Liberalization Law—para diumano ibaba ang presyo ng bigas—ay nagresulta sa malubhang pagkalugi ng mga magsasaka sa palay na ang benta ay hinila pababa ng di pantay na kompetisyon sa dayuhang bigas.

Ang patakaran ng liberalisasyon ay nagbigay-daan din sa malawakang ismagling na pumapatay sa lokal na produksyon at sa kabuhayan ng maliliit na magsasaka. Dumadaing ang maliliit na maggugulay sa harap ng pagtatambak ng labis na produktong pang-agrikultura mula sa ibang bansa. Dumadagdag ito sa pasan nilang lumalaking gastos sa produksyon na nagreresulta sa malawakang pagkalugi ng maliliit na maggugulay.

Hindi malayong posibilidad na tuluyang papatayin ng todo-todong liberalisasyon ang kakayahan ng produksyon ng agrikultura sa Pilipinas na magsuplay sa lokal na pa-

ngangailangan sa pagkain, kabilang ang palay. Matapos ang ilang dekada ng walang-awat na liberalisasyon sa importasyon, naghihingalo ngayon ang lokal na produksyon ng bawang, sibuyas at iba pang produkto at pataas nang pataas ang pagsalalay sa pag-aangkat para sa kailangang pagkain ng mga Pilipino.

Habang pinalalala ng malawakang pagpapalit-gamit sa lupa at todong liberalisasyon sa importasyon, ang krisis sa produksyong pang-agrikultura sa Pilipinas. Ang krisis na ito, sa pinakasaligan, ay nagmumula sa pananatiling maliitan at atrasado ng sistema sa produksyon sa ilalim ng sistemang malakolonyal at malapyudal. Ang pananaig ng mga monopolistang panginoong maylupa, na kumakamkam ng yaman pangunahin sa anyo ng upa sa lupa, ang nangingibabaw na salik na pumipigil sa pagpapaunlad ng produksyon. Dahil sa kawalan o lubhang maliit na sukat ng lupang binubungkal ng nangungupahang mga magsasaka, walang obhetibong batayan para sa mekanisasyon at iba pang pagpapaunlad sa sistema ng produksyong pang-agrikultura.

Sa kalakhan, gumagamit pa rin ng hayop at mga kagamitang manu-mano sa pagbubungkal ng lupa sa malalawak na lupaing monopolyo ng iilang panginoong maylupa. Kalat-kalat at limitado ang gamit ng mga inangkat na sobrang makinarya sa pag-ani at paggiik. Maliit ang sakop ng lupang may sistema ng patubig at mas malawak ang nakaasa pa pangunahin sa tubig ulan. Mababa ang antas ng mekanisasyon maging sa mga plantasyong kapitalista kung saan malaking bahagi ng produksyon ay nakaasa sa manwal na paggawa. Ang pagpapalaki ng produksyon ay nagagawa hindi sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng sistema, kundi ng pagpapalawak ng lupaing sakop ng mga plantasyon.

Ang papalubhang krisis sa kanayunan ay pangunahing bumabayo sa masang magsasaka at mga manggagawang-bukid, sa anyo ng labis na mataas na upa sa lupa, napakalaking gastos sa produksyon, pagkabaon sa lubhang mataas na interes na utang, mababang presyo ng kanilang mga produkto, at mababang sahod. Palaki nang palaki ang bilang ng wala nang mapagkakitaan at naoobligang lumuwas para maghanap ng trabaho sa mga syudad. Dagok ng kamatayan ang mga salantang hatid ng bagyo, tagtuyot, peste at iba pang kalamidad.

Ibayo pang pagdurusa at kalupitan ang dinaranas ng masang magsasaka sa mga lugar na ipinaiilalim sa kontrol at paghahari ng militar. Ipinatutupad ng Armed Forces of the Philippines ang patakaran ng paghahamlet o pagkukural sa mga baryo upang kontrolin ang kilos ng mga tao alinsunod sa hibang na taktika na "pagkaitan ng tubig ang isda" laban sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ipinatutupad ang mga pahirap na patakarang tulad ng pagbabawal na magsaka sa bukid at paglimita sa dami ng pagkain at mga panustos na pwedeng bilhin. Dumaranas sila ng iba't ibang anyo ng pang-aabuso katulad ng armadong paninindak, di makatwirang pag-aresto, pagdukot, pangungulata, mga pagpatay, pambobomba at panganganyon sa hangaring sirain ang kanilang mga organisasyon at basagin ang kanilang determinasyong ipaglaban ang kanilang kagalingan at mga karapatan.

Dapat ibayong magsikhay ang BHB sa pagpukaw, pag-organisa at pagpapakilos sa masang magsasaka sa kanayuan. Dapat puspusang isulong ang mga pakikibakang antipyudal para ibaba ang upa sa lupa, pawiin ang usura, itaas ang sahod, kamtin ang makatwirang presyo sa pagbebenta ng kanilang mga produkto, labanan ang pangangamkam ng lupa, kaakibat ng pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa. Kaalinsabay nito ay dapat ubos-kayang isulong ang pakikibaka laban sa terorismo na inihahasik ng pasistang militar at pulis.

Dahil sa dinaranas na paghihirap, pang-aapi at pandarahas, ang masang magsasaka ay determinadong patuloy na magpunyagi sa landas ng pakikipaglaban. Lalong nagiging mataba ang lupa sa kanayunan para lumalim at lumawak ang ugat ng BHB at puspusang isulong ang digmang bayan. AB


ANG Bayan

Tomo LII Blg. 20 | Oktubre 21, 2021

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray, Ingles at Espanyol. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

@cpp_angbayan

fb.com/editorsofAB

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


| | |
|---|---|
| **Editoryal:** Matabang lupa para sa digmang bayan | 1 |
| Sundalong gwardya, inatake ng BHB | 3 |
| Pumatay sa lider-maralita, pinarusahan | 3 |
| Hanayan sa pulitika, di pa tapos | 4 |
| Presyo ng langis | 4 |
| Terorismo mula sa himpapawid | 4 |
| 6 na magsasaka, inaresto | 5 |
| Mga protesta | 5 |
| Mga multinasyunal, hari ng pinya | 6 |
| Barat na presyuhan sa Dolefil | 7 |
| Pagkamulat ng isang migranteng guro | 8 |
| Sa madaling salita | 9 |
| "Engrandeng sabwatan" | 10 |



Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## Mga sundalong gwardya ng kalsadang pangmina sa Agusan, inatake ng BHB

WALONG ARMAS ANG nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa isinagawa nitong reyd laban sa 29th IB sa Barangay Maraiging, Jabonga, Agusan del Norte noong Setyembre 28. Tigdalawang R4 at M16-A1, isang M14 at tatlong kalibre .45 na pistola ang nasamsam sa reyd. Apat na sundalo ang napatay at dalawang iba pa ang nasugatan.

Nagsisilbing gwardya ang mga sundalo sa konstruksyon ng kalsada ng pribadong kumpanyang Z'Charles Construction. Ang kalsadang ito ay pinalalabas na "farm to market road" pero sa aktwal ay magsisilbing daanan ng mga trak at kagamitan ng mga kumpanyang mina na balak mag-opereyt sa lugar.

Sa Rizal, inambus ng BHB-Rizal noong Setyembre 30 ang mga elemento ng 80th IB na nag-ooperasyon sa Sityo Ilas, Barangay Puray, Rodriguez. Dalawang sundalo ang napatay.

## Pumatay sa lider-maralita sa Leyte, pinarusahan ng BHB

INIULAT NG LARAB, rebolusyonaryong pahayagan ng Eastern Visayas (EV), noong Oktubre 2 na naparusahan na ng Bagong Hukbong Bayan-EV si Jojo "Pekulo" Lucero, kriminal na kasama sa mga pumaslang kay Carlito Badion. Pinatawan siya ng rebolusyonaryong hustisya sa Ormoc City noong Hunyo 25.

Si Lucero ay nahatulang may-sala ng hukumang bayan sa Leyte matapos mapatunayan na isa siya sa mga pumatay kay Badion, dating pangkalahatang kalihim ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap, grupo ng mga maralitang-lungsod, noong Mayo 28, 2020 sa Barangay Riverside, Ormoc City. Sa isinagawang imbestigasyon sa kaso, napatunayang nasa ilalim ng proteksyon ng pulis si Lucero. Ayon sa nakalap na impormasyon, "sumuko" siya sa lokal na yunit ng Philippine National Police (PNP) matapos paslangin si Badion. Hindi siya sinampahan ng anumang kaso. Sa halip, pinauwi siya at binigyan ng pabuya at suplay.

Maaalalang pinalalabas ng PNP na ang BHB ang nasa likod ng pagpaslang kay Badion.

## Hanayan sa pulitika, di pa tapos

NATAPOS NA ANG PAGHAHAIN ng mga papeles sa pagkakandidato noong Oktubre 8 pero hindi natapos ang paghahanayan ng mayor na mga partido. Sa huling araw ng paghahain, ginawang katatawanan ng pangkatin ni Rodrigo Duterte ang proseso nang biglang sumulpot si Sen. Ronald de la Rosa bilang kandidato sa pagkapresidente ng PDP-Laban. Mismong si de la Rosa ang nagpahiwatig na ang kanyang pagtakbo ay dahil hindi pa nag-aanunsyo ng kandidatura si Sara Duterte.

Sa huling hanayan, anim na president at limang bise-presidente ang tumatakbo sa ilalim ng mga reaksyunaryo at konserbatibong partidong pampulitika. Ang mga tambalang nabuo ay ang sumusunod: Leni Robredo-Kiko Pangilinan para sa Liberal Party, Isko Moreno-Willie Ong para sa Aksyon Demokratiko, Ping Lacson-Tito Sotto sa Partido Reporma, Bato de la Rosa-Bong Go sa PDP-Laban (paksyong Cusi), at Manny Pacquiao-Lito Atienza sa partidong Promdi. Tumatakbong walang katambal si Ferdinand Marcos, Jr. sa ilalim ng Partido Federal ng Pilipinas, isang partidong itinayo ng mga tauhan ni Duterte.

Hindi pa rin tapos ang hanayan sa pagkasenador. Uminit nitong Oktubre ang di pagsali kay Neri Colmenares ng koalisyong Makabayan sa hanay na binuo ng tambalang Robredo-Pangilinan. Sa halip, isinama sa hanay na ito sina Juan Miguel Zubiri, Joel Villanueva at Richard Gordon, mga senador na may mahabang rekord ng pakikipagtulungan kay Duterte.

Samantala, isinama ng tambalang Pacquiao-Atienza pareho si Colmenares at Elmer Labog, lider ng Kilusang Mayo Uno, sa kanilang hanay ng mga kandidato pagkasenador. Inendorso rin sila ng grupong Lakas ng Masa na naghain din ng pagkandidato bilang presidente at bise presidente.

## Presyo ng langis, abot langit ang pagsirit

SA NAKARAANG WALONG linggo, walong beses na itinaas ng mga kumpanya ng langis ang presyo ng mga produktong petrolyo. Kung ibabatay sa pagsisimula ng taon, ₱19.70 kada litro na ang nadagdag sa presyo ng gasolina, at ₱18 kada litro naman ang nadagdag sa *diesel*.

Tiyak na abot-langit ang pagsirit ng mga presyo ng pagkain at iba pang produktong pangkonsumo sa darating na mga buwan dahil dito.

Sinasabing ang mga pagtaas sa presyo ay dulot ng pagtaas ng presyo ng krudong langis tungong $80 kada bariles sa internasyunal na pamilihan. Sumisirit ang presyo ng krudong langis dahil sa pagtanggi ng Organization of Petroleum Exporting Countries, Russia at mga alyado nito na itaas ang produksyon ng krudong langis. Nagaganap ito habang papalaki ang demand para sa langis sa China at Europe.

Sa Pilipinas, inililihim ng mga kumpanya sa langis ang pormula na ginagamit nito sa pagtatakda ng kani-kanilang mga presyo, gayundin ang pagkwenta sa nararapat na dagdag na presyo tuwing may galaw sa pandaigdigang pamilihan. Dahil dito, ipinanukala ng blokeng Makabayan na idetalye ng mga kumpanya ng langis ang batayan ng kanilang pagpepresyo at isapubliko ang impormasyon.

Gayundin, dapat ibasura ang ₱10 dagdag na buwis sa gasolina na ipinataw noong Mayo sa gitna ng pandemya para makalikom diumano ng pondong pang-ayuda. Dapat ding ibasura ang ang nauna pang ₱10 na ipinataw na *excise tax* sa gasolina, ₱6 sa *diesel* at ₱3 sa bawat kilo ng LPG na ipinatong sa 12% na *value added tax*.

# Terorismo mula sa himpapawid

*Pangatlo sa serye hinggil sa di makatao at nakapipinsalang paggamit ng mga* drone *at pambomba mula sa ere.*




Ang paghuhulog ng bomba mula sa mga eroplanong pandigma ng Armed Forces of the Philippines (AFP), katuwang ang mga *drone* at kaalinsabay ng pag-iistraping mula sa helikopter, ang isa sa pinakabrutal na taktika ng digmang mapanupil ng reaksyunaryong estado. Ano pa nga ba ito kundi pasistang terorismo mula sa himpapawid na ang hatid ay karahasan, takot, pagkawasak saan man ito ihasik ng AFP.

Ang paghahasik ng terorismo mula sa himpapawid ay palala nang palala matapos iutos ni Rodrigo Duterte na "patagin ang kabundukan" noong 2017. Ipinakita niya sa buong Pilipinas ang kanyang hindi nahahangganang brutalidad sa pamamagitan ng pagpulbos sa Marawi City. Mula noon, daan-daang mga bomba, libu-libong *rocket*, sandamukal na bala ng masinggan at bala ng kanyon na ang ginamit ng AFP sa gera nito ng pagsupil sa sambayanan at sa kanilang makatwirang armadong pakikipaglaban.

Sinimulan ang masinsing terorismo mula sa himpapawid sa iba't ibang rehiyon sa Mindanao noong 2018, subalit hindi naglao'y inihasik ito sa buong bansa. Patuloy din ang matinding pambobomba mula sa ere sa mga lugar ng Moro, kung saan permanenteng nakabase ang mga pwersa ng US. Patuloy na lumilikom ang AFP ng mga sasakyang panghimpapawid, kanyon, misayl at bomba sa imbing layuning ipailalim ang buong bansa sa terorismo.

Sa kasalukuyan, ang pang-e-reng pambobomba at istraping ay pirmeng bahagi na ng arsenal ng mga sandatang ginagamit ng kaaway sa mga operasyong kontra-gerilya na may layuning maghasik ng takot sa masang magsasaka at sindakin ang mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan. Taliwas sa mga panuntunan at prinsipyo ng internasyunal na makataong batas, ang mga sandatang ito ay sobra-sobra sa kinakailangan, walang pili, nagsasapeligro sa mga sibilyan at nagdudulot ng pagkawasak sa ari-arian at kapaligiran.

Noong nagdaang buwan lamang, naghulog ang AFP ng 69 na bomba at 18 *rocket*, at 51 ulit na kinanyon at pabalik-balik na inistraping ang mga komunidad at sakahan ng mga Lumad sa Talaingod, Davao del Norte at sa paligid ng kabundukang ng Pantaron sa loob ng 35 araw mula Setyembre 15. Pakay nitong paluhurin ang mga residenteng Manobo at "sumurender" sa AFP.

Matagal nang binobomba ng AFP ang mga komunidad ng mga Lumad. Noong 2017, ang bombang inihulog ng AFP ay bumagsak sa hindi kalayuan sa paaralang Lumad na Fr. Pops Tentorio Memorial School sa Magpet, North Cotabato. Noong Disyembre 31, 2018, anim na bomba ang inihulog ng AFP sa Barangay Diatagon, Lianga, Surigao del Sur, na lumagpak 150 metro lamang ang layo sa mga komunidad ng Sityo Panukmoan at Sityo Decoy. Noong Marso 24, 2020, lumagpak ang mga bala ng kanyon sa layong 330 metro mula sa sentrong komunidad sa Barangay Mandahikan, Cabanglasan, Bukidnon. Noong Enero, mga pastuhan, taniman at lugar ng pangangaso ng mga katutubo ang tinamaan ng mga bomba na inihulog sa Abra at Mt. Province noong Enero. Sa Visayas, isang *shrapnel* ng *rocket* ang bumutas sa bubong ng isang bahay sa Dolores, Eastern Samar noong Agosto 16.

Madalas na ang mga operasyon ng pambobomba mula sa himpapawid ay isinasagawa sa madaling araw at nagtatagal nang ilang oras. Noong Abril 19, 2020, bandang ala-5 ng umaga naghulog ng apat na bomba ang AFP malapit sa bahayan ng Sityo Kapanal, Barangay Gasi, Kiamba, Sarangani, habang may ilan nang magsasakang Lumad (mula sa tribong T'boli) ang nasa kanila nang mga bukid. Noong Abril 26, 2018, ang pambobomba sa Mati, Davao Oriental ay nagsimula bandang ala-5 ng hapon at tumigil lamang matapos ang dalawang oras, at muling nagsimula ng alas-9 ng gabi hanggang hatinggabi. Noong gabi ding iyon, 38 bomba ang inihulog sa mga bayan ng Sinacaban at Jimenez sa Misamis Occidental mula alas-9 ng gabi hanggang alas-4 ng umaga ng sumunod na araw. Nagsimula naman sa alas-11 ng gabi ang panganganyon sa Barangay Osmeña, Palapag, Northern Samar at nagtagal hanggang alas-2 ng umaga.

Ang walang-patumanggang pambobomba at pangraratrat mula sa himpapawid, at panganganyon ay naghahatid ng matinding troma sa mamamayan sa kanayunan. Hindi bababa sa 1,000 pamilya ang nagbakwit sa mga komunidad sa Barangay Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro at Barangay Lisap, Bongabong, Oriental Mindoro matapos apat na araw na bombahin at ratratin ang kanilang mga barangay simula Abril 29, 2019. Humigit-kumulang 1,000 pamilya rin ang nagbakwit noong Pebrero 11, 2017 ma-

*"Terorismo...," ituloy sa pahina 5*

# 6 na magsasaka, iligal na inaresto

Anim na magsasaka ang naiulat na iligal na inaresto ng armadong mga ahente ng estado nitong nagdaang mga linggo. Kasabay nito ang panghahalihaw ng militar sa mga komunidad ng magsasaka at pamimilit na sumurender.

Noong Oktubre 17, dinakip ng mga pulis si Cristina Magistrado, dating organisador ng Amihan-Cagayan sa kanyang bahay sa Binangonan, Rizal batay sa gawa-gawang kaso. Dinala siya sa istasyon ng pulis sa Tuguegarao City at doon ikinulong at ininteroga.

Sa Sorsogon, inaresto matapos taniman ng ebidensyang baril si Sonny G. Nace at pinaratangang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Residente si Nace ng Barangay Tulatula Sur, Magallanes at naghahanapbuhay bilang ahente ng *small-town lottery* (STL).

Sa Sorsogon pa rin, dalawang buwan nang nililigalig ng 31st IB at mga pulis ang di bababa sa siyam na barangay sa Donsol at pito sa katabing bayan ng Pilar. Iniulat ng BHB-Sorsogon noong Oktubre 14 na mahigit 20 sibilyan mula sa lugar ang ginipit at pinwersang sumurender bilang mga myembro ng BHB.

Noong Setyembre 27, dinakip ng 85th IB ang mag-asawang Leonina Ilag at Poli Naval sa Sityo Hagakhak, Barangay Malaya, General Luna, Quezon matapos magkaroon ng labanan sa pagitan ng isang yunit ng BHB at 85th IB malapit sa kanilang bahay.

Dalawang residente din ng Barangay Maraiging, Jabonga, Agusan del Sur ang inaresto ng 29th IB matapos ang reyd ng BHB sa lugar noong Setyembre 28. Kinilala ang mga biktima na sina Andre Pinao at Tungan Lauro. AB

*"Terorismo...," mula sa pahina 4*

tapos kanyunin ang mga barangay ng Macopa, Kibagyo at Bullucan sa Laak, Compostela Valley (Davao de Oro). Mahigit 190 pamilya (kabilang ang 660 bata) ang nagbakwit sa Barangay Buhawen, San Marcelino, Zambales noong Agosto 21, 2020 matapos bombahin ang kanilang lugar; at mahigit 200 pamilya ang nagbakwit sa magkakaratig na barangay matapos bombahin at ratratin ng AFP ang bulubunduking lugar ng Barangay Lidong, Caramoan, Camarines Sur noong Agosto 13, 2020.

Sinasamantala ng AFP ang nililikhang takot ng pambobomba at ginagamit ang pagbabanta nito upang paluhurin ang mga residente at pasunurin sa mga utos ng AFP, katulad ng pwersahang "pagpapasurender" sa kanila. May kaso na pwersahang pinagbakwit ang mga tao tulad ng 2,000 pamilyang Lumad at magsasaka sa Cabanglasan, Bukidnon, matapos bombahin nang 15 ulit ang kanilang lugar na sumira sa mga tanim na mais. Noong Nobyembre 2, 2018, pinagbantaan ang mga residente ng Barangay Luayon, Makilala, North Cotabato, na bobombahin ang kanilang mga komunidad, isang araw matapos silang lumikas dahil sa lindol. 2

(*Tingnan ang talaan ng mga kaso ng brutal na pambobomba sa* cpp.ph). AB

**World Hunger Day.** Nagprotesta ang mga aktibistang magsasaka noong Oktubre 16 sa harap ng Mega Q-Mart sa Quezon City bilang paggunita sa World Food Day na kanilang binansagang World Hunger Day (Araw ng Kagutuman). Hinamon nila ang mga kandidato sa halalan 2022 na gawing bahagi ng kanilang adyenda ang paglalatag ng "kongkretong solusyon sa kronikong krisis sa pagkain at sektor ng agrikultura, na dapat ay nakabatay sa prinsipyo ng pang-ekonomyang kasarinlan at pag-asa sa sarili."

**Itigil ang proyektong reklamasyon sa Cebu.** Naglunsad ng protestang parada sa dagat ang mga mangingisda at magsasaka sa Calajoan, Minglanilla, Cebu noong Oktubre 15 para ipatigil ang operasyon ng kwari at planong reklamasyon sa lugar. Kinundena nila ang pag-apruba ng lokal na gubyerno sa 100-ektaryang proyektong reklamasyon na Ming-Mori. Nababahala sila sa maaaring maging epekto nito sa kalikasan at kanilang kabuhayan. Gayundin, iniulat nila ang patuloy na operasyon ng kwari sa kabundukan ng Minglanilla.

**Protesta ng mga elektrisyan.** Nagprotesta noong Oktubre 11 sa harap ng upisina ng Department of Labor and Employment ang mga manggagawa ng Hypervolt Contractor Corporation upang kundenahin ang nahuhuli at iligal na mga kaltas sa kanilang sahod at kawalan ng benepisyo ng kumpanya. Ang Hypervolt ay kontraktor ng mga elektrisyan na nangangasiwa sa pagkakabit at pag-aayos sa linya ng kuryente.

**Ayuda, bakuna hindi demolisyon.** Nagtipon ang Kadamay noong Oktubre 9 sa harap ng Department of the Interior and Local Government sa Quezon City upang igiit ang "zero demolition" o pagpapahinto sa lahat ng demolisyon laluna sa panahon na mayorya ay naghihirap dulot ng pandemya at krisis sa ekonomya. Iniulat nilang may 50,000 maralita ang posibleng mawalan ng tirahan sa Metro Manila dahil sa banta ng demolisyon.

**Tagumpay ng kooperatiba ng kuryente sa Benguet.** Matagumpay na napatalsik ng mga empleyado ng Benguet Electric Cooperative ang tuta ng Malacañang na si Ana Marie Rafael na sapilitang iniluklok ng National Electrification Authority bilang pangkalahatang manedyer noon pang Hulyo 29. Napatalsik si Rafael matapos ang mga protesta na inilunsad ng mga empleyado sa Baguio City na dinaluhan ng daan-daang katao.

# Mga multinasyunal, hari ng pinya sa Pilipinas

Isa ang pinya sa mga nangungunang produktong pang-agrikultura ng Pilipinas. Ang bansa ang ikalawang pinakamalaking eksporter ng pinya sa buong mundo. Ang ani ng pinya noong nakaraang taon ay 2.7 milyong metriko tonelada (MT) na may halagang ₱26.1 bilyon. Mayorya (85%) ng kabuuang lokal na produksyon ng pinya ang kontrolado ng dambuhalang multinasyunal na mga korporasyong Del Monte Philippines Incorporated at Dole Philippines (Dolefil) na parehong unang itinatag ng mga kumpanyang US noong dekada 1920. Pagmamay-ari ngayon ng malaking burgesya-kumprador na pamilyang Campos ang Del Monte Philippines at ng kumpanyang Japanese na Itochu Corporation ang Dolefil.



Ibinebenta ang pinya nang presko, naka-lata, o pinroseso bilang inumin at nakahalo sa ibang produktong pagkain. May maliit na bahaging pinoproseso bilang tela. Ayon sa pinakahuling datos ng rehimen, ang abereyds na tingiang presyo ng pinya ay ₱53.07 kada kilo. Sinasabi nitong binibili ito sa halagang ₱19.37 kada kilo pero sa aktwal ay nasa ₱5 kada kilo lamang ang pagbili nito sa mga magsasaka.

Saklaw ng mga pinyahan ang 66,048 ektarya ng lupang agrikultural sa buong bansa. Malaking bahagi nito ay nakakonsentra sa Northern Mindanao Region (26,507 ektarya) at Soccsksargen (24,561 ektarya). Tinatayang 32,000 ektarya ang mga plantasyon ng pinya ng Dole habang 20,000 ektarya naman ang sa Del Monte na pawang kinamkam sa lupang ninuno ng mga Lumad. Ang relatibong mas maliliit na pinyahan ay nakapailalim sa mga kaayusang *leaseback* at *contract growing* kasosyo ang Del Monte at Dolefil. Bukod sa dalawa, nangongontrata rin ang Lapanday Foods Corporation ng mga Lorenzo, isang pamilyang panginoong maylupa.

Agresibong nagpapalawak ng plantasyon ang mga kumpanyang ito para magkamal ng mas malaking tubo mula sa produksyon ng pinya. Noong 2014, nag-anunsyo ang Dolefil ng planong ekpansyon ng 12,000 ektarya. Aagawin nito ang mga lupang agrikultural at lupang ninuno sa Soccsksargen na matagal nang sinasaka at tirahan ng mga setler at Lumad.

Ginagamit ng mga kumpanyang ito ang mga iskemang *contract growing* at *leaseback* para direktang

"Pinya...," ituloy sa pahina 7

### Barat na presyuhan sa Dolefil

BINATIKOS NG UNYON ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA) ang ulat ng Philippine Statistics Authority (PSA) noong Oktubre 4 na nagsabing ang pinya ang "pinakamapagkakakitaang produktong pang-agrikultura para sa mga Pilipinong magsasaka." Pinasisinungalingan ito ng libu-libong magsasaka ng pinya sa Polomolok at Tupi sa South Cotabato na nakapailalim sa mga kontrata sa *contract growing* sa Dole Philippines (Dolefil) at obligadong sa kumpanya ang lahat ng kanilang ani.

Ayon sa UMA, binibili ng Dolefil ang mga pinya sa presyong ₱5 kada kilo lamang at hindi ₱19.37 kada kilo tulad ng sinasabi ng PSA. Sa ganitong presyuhan, ilusyon ang sinasabi ng PSA na umabot sa ₱658,097 ang abereyds na netong kita ng mga magsasaka kada ektarya ng pinya noong 2020.

Sa aktwal, nasa ₱202,100 lamang ang inisyal na kita ng mga magsasaka sa kada ektarya ng pinyahan. Nasa abereyds na 40,422 kilo ang kanilang naaning pinya kada taon.

Sa loob ng tatlong-taong siklo ng pagtatanim, umaabot lamang ang kita ng mga magsasaka sa ₱404,220 (18 buwan ang binibilang bago maani ang isang taniman). Sa aktwal, kumikita lamang ng ₱134,740 kada ektarya ang magsasaka. Kung ikakaltas ang gastos sa produksyon na ₱124,881, lalabas na ₱154,458 ang netong kita sa loob ng tatlong taon o ₱4,290.50 kada buwan.

Sa kabilang banda, halos dobleng mas malaki ang naiulat na tubong hinuthot ng Dolefil mula sa mga magsasaka sa nakalipas na mga taon—₱284,273 kada ektarya sa loob ng tatlong-taong *crop cycle* o ₱94,757 kada ektarya.

# Pagkamulat ng isang migranteng guro

Doble ang hirap na dinanas ng mga migranteng manggagawa nang humagupit ang pandemyang Covid-19. Kabilang sa kanila ang migranteng gurong si Julie, isang guro mula Mindanao na nagtrabaho sa ilang taon nang nagtatrabaho sa isang bansa sa Asia. Kumpara sa ibang mga bansa, maliit lamang ang komunidad ng mga Pilipino doon.

Nakipagsapalaran si Julie malayo sa kanyang pamilya at sariling bayan para sa mas mataas na sahod. Katumbas sa sweldo ng isang punong guro sa Pilipinas ang paunang sweldong natanggap niya sa kanyang bansang pinagtatrabahuan. Mataas ang demand para sa mga gurong Pilipino dito dahil sa kasanayan sa lenggwaheng Ingles.



**Saradong mga klasrum, mulat na mga mata**

Nang ipinasara ang mga paaralan mula Marso hanggang Abril 2020, namulat si Julie sa bulnerableng kalagayan ng maraming migranteng tulad niya. Nakahanap siya ng pansamantalang trabaho at nakatanggap ng mga materyal at medikal na benepisyo. Pero hindi niya maiwasang pansinin ang ibang mga guro na nakapaloob sa iskemang "no work, no pay" na nawalan ng trabaho nang isara ang mga eskwelahan at hindi nakahanap ng ibang trabaho.

"Mas mababa ang sweldo ng mga tulad nila. Nakapailalim sila sa 10-buwang kontrata kaya wala silang sweldo nang mag-*lockdown*," malungkot niyang kwento.

"Uuwi dapat ako noong Mayo 2020 para magbakasyon pero sabi sa akin, huwag muna dahil mahirap bumalik kung may *lockdown* pa," kwento niya. Maraming gurong umuwi sa Pilipinas bago ang *lockdown* ang hindi na nakabalik sa trabaho. Wala silang mga trabaho ngayon, dagdag niya.

Nawalan ng kita ang mga guro sa bansa pero wala rin ni isa sa kanila o sa mga manggagawang Pilipinong tumutuloy o malapit sa kanyang tinutuluyan ang nakatanggap

*"Pagkamulat...," ituloy sa pahina 8*

---

*"Pinya...," mula sa pahina 6*

kontrolin ang mga lupaing pagmamay-ari ng mga magsasaka para sa produksyon ng pinya. Ang *contract growing* ay isang kaayusan kung saan ipinapasa sa magsasaka ang buong proseso ng produksyon, habang ang presyo sa pagbili, dami ng produkto at kalidad nito ay solong itinatakda ng korporasyon. Ang sistemang *leaseback* naman ay isang kaayusan kung saan ang lupa (na nakapailalim sa pag-aaring "kooperatiba") ay matagalang inuupahan ng mga korporasyon sa napakababang halaga. Bawal magtanim ng ibang pananim, kahit para sa pagkain, sa mga lupang ito.

**Pagsasamantala sa mga manggagawang bukid**

Sa panahon ng anihan, nag-eempleyo ang malalaking plantasyon ng mga sakada para lalupang makatipid. Ipinagkakait sa kanila ang karapatang mag-organisa, mag-unyon at makatanggap ng disenteng sahod at mga benepisyo. Laganap din ang sistemang pakyawan para lalupang makahuthot ng tubo mula sa mga manggagawa sa mga plantasyon ng pinya.

Dagdag na pahirap at panganib sa mga magsasaka sa mga pinyahan ang sistematiko at matagalang pagkatambad sa nakalalasong mga kemikal (pestisidyo, herbisidyo at pataba) na ginagamit ng mga multinasyunal para pabilisin at pahabain ang buhay ng mga pinya.

**Produktong pang-eksport**

Sa 2020, umabot sa 990,780 metriko tonelada (MT) ng sariwa at pinrosesong pinya ang ineksport ng Pilipinas sa halagang $674.54 milyon. Mahigit sangkatlo ito ng kabuuang bolyum ng pinya na naprodyus ng bansa. Malaking bahagi (71%) ng ineksport na pinya ng Pilipinas ay napunta sa US (236,810 MT), China (231,340 MT) at Japan (231,080 MT). Sa ilalim ng rehimeng Duterte, limang beses na lumobo ang bolyum ng ineksport na pinya ng Pilipinas sa China—mula 44,360 MT noong 2016 tungong 231,340 MT sa 2020.

Sa US, ang abereyds na tingiang presyo ng sariwang pinya ay $1.44 (₱72) kada kilo o halos apat na beses na mas malaki sa presyo kung magkano ito binebenta ng mga magsasaka (₱19.37). Nagkakahalaga naman ang *pineapple juice* ng $2.8 (₱140) kada litro. AB

"Pagkamulat...," mula sa pahina 7

ng kahit anong pinansyal o materyal na ayuda mula sa gubyerno ng Pilipinas.

Sa pagtagal ng *lockdown*, ramdam ni Julie ang pangungulila laluna kapag nakikita niya ang mga saradong paaralan. Nag-alala siyang makwarantina nang mag-isa, maubusan ng pera at rekurso at hindi makauwi. Para pagaanin ang pakiramdam, nakikipagkwentuhan na lamang siya sa kapwa niyang mga migranteng Pilipino.

Ang panahong ito ay nagmulat sa kanya sa mga problemang panlipunan, na bago pa ang sosyo-ekonomiko at pangkalusugang krisis na dala ng pandemya, ay mistulang umaaligid lamang sa kanyang pang-araw-araw na buhay bilang isang migranteng manggagawa. Lumalim ang pag-unawa niya sa mga dahilan kung bakit milyun-milyong Pilipino ang natulak na mangibang-bansa.


Nakatulong sa kanyang pag-unawa ang pagbabasa ng mga pampulitikang babasahin na inilalathala ng mga progresibo at rebolusyonaryong Pilipino. Natagpuan at sinubaybayan niya ang mga *website* ng rebolusyong Pilipino, kabilang ang dyaryong Ang Bayan, at mga akawnt ng mga rebolusyonaryong organisasyon sa *social media*. Higit sa pag-unawa sa mga pangyayari sa pulitika, nakatulong ang mga ito para mas maunawaan niya ang kanyang kapatid na pumili ng landas na kakaiba sa kanya.

Lingid sa kaalaman ng mga kapwa niyang migrante, may kapatid si Julie na Pulang mandirigma—si Ka Elmo, kasapi ng Bagong Hukbong Bayan sa Mindanao.

Ang regular na pag-ugnay sa kanya ni Ka Elmo ang naging daan para "maorganisa at makonsolida" siya kahit sa malayo. Si Ka Elmo ang nagbigay sa kanya ng mga babasahin tungkol sa pambansa-demokratikong rebolusyon at sulating Marxista-Leninista na nagtaas sa kanyang kamulatan sa pulitika at ideolohiya.

**Matingkad na pagkakaiba**

Sa palitan ng mensahe ng magkapatid gamit ang selpon, napag-usapan nila ang palpak na tugon ni Rodrigo Duterte sa panahon ng krisis sa kalusugan na dulot ng Covid-19, laluna sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Malapit sa kanila ang usapin dahil naging guro si Ka Elmo sa loob ng isang taon bago siya sumapi sa BHB. Guro rin ang kanilang ina sa isang pampublikong paaralan.




Malayo man si Julie sa Pilipinas, ramdam niya ang paghihirap ng mga guro at estudyante.

“Parang pinabayaan na lang ng gubyerno ang mga guro at estudyante,” puna ni Julie nang malaman niya na ang humuhugot sa sariling bulsa ang nanay nila para sa modyul at kuneksyon sa internet dahil wala o hindi sapat ang mga subsidyo o alawans para sa mga ito.

Madalas mapag-usapan ng magkapatid ang matingkad na pagkakaiba ng tugon sa pandemya ni Duterte kumpara sa mga lider sa ibang bansa. Hindi maiwasan ni Julie na ikumpara ang mas maagap na tugon sa pandemya at mas maunlad na sistemang pangkalusugan sa bansang pinagtratrabahuan niya.

Hindi nalalayo ang sitwasyon ng mga Pilipino sa mamamayan ng bansang nag-ampon kay Julie, pero malayong mas matino ang pagtugon doon sa pandemya. Suyang-suya si Julie sa tugon ng gubyernong Duterte, laluna sa pananatiling sarado ng mga eskwelahan, di tulad sa kanyang pinagtatrabahuhan.

"Ipinipilit kasi ni Duterte na umangkop na lang ang mga Pilipino sa 'bagong normal' pero ang totoo, ang kanyang bagong normal ay pagnonormalisa lang sa mga kabiguan at inutil na mga patakaran ng rehimen, korapsyon at maling pagprayoritisa sa badyet ng gubyerno,” ani Julie sa isa sa mga kwentuhan nila ni Elmo. Kinutya din niya ang ayuda ng gubyerno na alam niyang batbat ng korapsyon ang proseso.

"Dapat binigyan ng konsiderasyon pangunahin ang mga magsasaka at Lumad, na siyang mga pinakabulnerableng sektor, sa pagpaplano ng *blended learning*," aniya. Hindi isinaalang-alang ng gubyernong Duterte ang daan-daang mga mag-aaral na walang akses sa internet at kuryente laluna ang mga guro at estudyante sa mga prubinsya at malalayong lugar. "Marami sa kanila ang naglalakad ng ilang oras para makakuha ng mga modyul," kwento sa kanya ni Ka Elmo.

Galit na galit si Julie sa matinding pang-aatake ng pasistang rehimen sa mga paaralang Lumad at sentro ng mga bakwit. Hindi na kagulat-gulat sa kanya na maraming magsasaka at Lumad ang bumabaling sa armadong rebolusyon bilang paraan para wakasan ang kanilang nararanasang pang-aapi.

“Kapag humupa na ang Covid-19 at kakayanin nang makauwi sa Pilipinas, bibisitahin kita sa kanayunan,” pangako niya kay Ka Elmo. Habang naghihintay, nangako siyang ipagpatuloy ang pag-aaral at pag-aalam tungkol sa matagalang digmang bayan ng mamamayang Pilipino at “kung kakayanin" ay magsimula ng grupo sa bansang kinaroroonan niya para "suportahan ang pakikibaka sa ating bayan.” AB

SA MADALING SALITA

**#WeWantNeri**

numero unong *hashtag* sa Twitter noong Oktubre 15 matapos hindi isinama ni Leni Robredo si **Neri Colmenares** sa kanyang listahan ng mga kandidato pagkasenador.

## ₱4 BILYON

**dagdag na badyet** para sa **NTF-ELCAC** na nakasingit sa **pondong pang-operasyon** ng AFP, DILG at iba pang ahensya ng estado.


## 35 TAON

bago **mahatulang nagkasala** ang **tatlong sundalo** sa **kasong pagpatay** sa lider-manggagawang si **Rolando "Ka Lando" Olalia** at sa drayber niyang unyonista na si **Leonor Alay-ay**. Dinukot ng militar sina Olalia at Alay-ay noong Nobyembre 1986. Inilabas ang hatol sa tatlo noong Oktubre 12.



## #1

bansang umuutang sa **World Bank** ang Pilipinas. Umaabot na sa **₱153.5 bilyon** ang inutang dito ng rehimeng Duterte **sa ngalan ng pagsugpo sa pandemya**.



## OKTUBRE 10, 1945

itinatag ang **Partido ng mga Manggagawa sa Korea** na namumuno ngayon sa **Democratic People's Republic of Korea** (North Korea).

## 58,000

sambayahan sa **Cordillera** ang apektado sa pagbagsak ng presyo ng mga gulay dulot ng pagbaha ng murang kontra-bandong gulay mula sa China.



**Pinagkunan:** Apit Tako


## ₱14,368

kada buwan ang tinayang kailangan ng isang **5-kataong pamilya** noong unang hati ng 2020 para matugunan ang "Pinggang Pinoy," ang arawang pamantayan ng estado **para sa pagkaing balanse at sapat na nutrisyon**.

**Pinagkunan:** Foodlink Advocacy Cooperative

## 46.1 milyon

Pilipinong dumanas ng katamtaman at **matinding gutom** sa nakaraang tatlong taon (2018-2020). Mas mataas ito kumpara sa **42.1 milyon** sa 2014-2016.



**Pinagkunan:** The State of Food Security and Nutrition in the World, UNFAO 2021

Ang dumanas ng **labis na kagutuman** ay dumami mula **3.3 milyon** tungong **4.3 milyon** sa parehong panahon.

# “Engrandeng sabwatan” nina Duterte, DBM at Pharmally, inulat ng Senado

Imposibleng walang kinalaman si Rodrigo Duterte sa naganap na “engrandeng sabwatan” para huthutan ang gubyerno ng bilyun-bilyong piso sa kasagsagan ng pandemya noong nakaraang taon. Nasa sentro siya ng panggagantso na isinagawa pangunahin sa pamamagitan ng kaibigan niyang negosyanteng Chinese at tagapayo sa ekonomya na si Michael Yang, mga upisyal ng Pharmally Pharmaceutical Corporation at mga dati at kasalukuyang upisyal ng Procurement Service ng Department of Budget and Management (PS-DBM).



Ito at iba pa ang laman ng inisyal na ulat ng Senate Blue Ribbon Committee (BRC) na isinapubliko ni Sen. Richard Gordon noong Oktubre 19. Inilabas ng Senado ang ulat sa kabila ng mga pambubuska, panlalait at paninindak ni Duterte sa mga senador sa tangkang harangin ang pagdinig na sinimulan noong Agosto 18. Hindi napigilan ang imbestigasyon kahit sa binantaan ni Duterte ang mga senador na ipapakukulong at ipinagbawal ang pagdalo ng mga myembro ng kanyang gabinete sa mga pagdinig.

Pinahintulutan ni Duterte ang kanyang mga kaibigan na limasin ang pondo ng gubyerno, ayon sa senador. Kabilang sa mga naungkat na anomalya ng BRC ang sumusunod:

1) Maanomalyang ipinasa ng Department of Health (DOH) ang ₱47.7 bilyong pondo nito sa PS-DBM noong Abril 2020 nang walang angkop na dokumentasyon. Ang PS-DBM ay pinamumunuan noon ni Christopher Lao, tauhan ng upisina at makinarya sa pangangampanya ni Duterte noong 2016.

2) Mula sa pondo ng DOH, iginawad ni Lao sa Pharmally ang di bababa sa walong kontratang na may kabuuang halaga na ₱11.486 bilyon kahit wala itong sapat na kapital.

3) Mahigit doble ang presyo ng mga *personal protective equipment* na binili ng PS-DBM mula sa Pharmally sa halagang ₱1,910 kada *set* gayong may nagbebenta ng ₱945 kada *set* noong panahon ding iyon.

4) Halos doble ang presyo ng mga *test kit* na binili ng PS-DBM sa Pharmally sa halagang ₱1,720 kada isa gayong ibinebenta ito sa ₱925/piraso ng ibang kumpanya.

5) Peke ang adres na inilagay ng tatlong upisyal ng kumpanya ng kanilang upisina, gayundin ng kanilang tinutuluyan at dahil dito ay hindi sila mahagilap sa unang mga linggo ng pagdinig.

6) Ang may-ari ng Pharmally na si Huang Tzu Yen, at ang *financier* nito na si Michael Yang ay nahaharap sa kasong panggagantso sa Taiwan. Lumabas sa pagdinig na “pinahiram” ni Yang ang Pharmally ng milyun-milyong pisong kapital para ipambayad sa mga suplayer nito na nakabase sa China. Taliwas ito sa unang pahayag ni Yang na wala siyang kinalaman sa Pharmally, liban sa pagpapakilala sa mga upisyal nito sa mga kumpanyang suplayer sa China.

7) Inilusot ng Pharmally ang *expired* na mga *face shield* sa pamamagitan ng pagbago ng mga *expiration date* sa mga kahon nito.

8) Pinalabas ng PS-DBM na nagkaroon ng mga deliberi ng mga gamit-medikal kahit hindi ito totoo.

9) Ginamit ng Pharmally ang mga eroplano ng AFP para kumuha ng suplay sa China.

10) Hindi nagbayad ng buwis ang Pharmally sa Pilipinas sa kabila ng pagtabo nito ng bilyun-bilyong piso mula sa mga kontrata ng gubyerno.

Kaugnay nito, inirerekomenda ng BRC ang pagsasampa ng mga kasong kriminal, kabilang ang *perjury* o pagsisinungaling, laban kay Yang. Kakasuhan din ang dating *officer-in-charge* ng PS-DBM na si Lloyd Christopher Lao, at kasalukuyang direktor nito na si Warren Liong ng mga kasong katiwalian, korapsyon at panlilinlang sa kaban ng bayan. Sasampahan din ng kasong palsipikasyon ng mga dokumentong pampubliko ang mga upisyal ng PS-DBM na pumirma sa mga papeles ng mga pekeng deliberi.

Kakaharapin naman ng mga direktor at upisyal ng Pharmally ang kasong kriminal ng pagsisinungaling, pagbibigay ng mga maling impormasyon, *estafa* at mga paglabag sa Bayanihan To Heal As One Act.

Nananatiling nasa kustodiya ng Senado si Linconn Ong, isa sa mga upisyal ng kumpanya, dulot ng kanyang pagtangging ibunyag kung magkano ang "ipinahiram" ni Yang sa Pharmally.

Sa mga ulat, nagtatago na si Yang at ang matataas na upisyal Pharmally bago pa isapubliko ng Senado ang mga rekomendasyong ito. Malaki ang posibilidad na wala na ang mga ito sa bansa, ayon sa *sergeant-at-arms* ng Senado.

Noong Oktubre 19, nagprotesta ang mga progresibong organisasyon sa harap ng Senado upang singilin ang rehimeng Duterte sa pangungurakot at paglulustay nito ng pondo sa pandemya. Bago nito, naglabas ng pahayag ang mahigit 300 duktor para kundenahin ang mga upisyal ng rehimen na “walang alam, walang hiya at sugapa.” AB